International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 131-139

# Differentiated Instruction in Teaching Communication and Research in Filipino Language and Culture and It's Effect to the Senior High School Students' Learning

**MARIE GRACE M. RIVERA**
Leonard Young Sr. National High School
mariegrace.rivera@deped.gov.ph
**ANESA P. MANGINDRA, PhD**
Sutan Kudarat State University
apmangindra@gmail.com

**Abstract**

This study investigates the effectiveness of Differentiated Instruction (DI) in teaching Communication and Research in Filipino Language and Culture to Senior High School students during the 2021-2022 school year. The research utilized a quasi-experimental design, involving two distinct groups of students: the control group, which followed the traditional online lecture-discussion approach, and the experimental group, which was taught using online differentiated instruction. To assess the students' learning progress, both groups completed pretests and posttests. The results revealed that both groups scored low on the pretest, indicating a similar starting point in their understanding of the subject matter. However, upon administering the posttest, both groups showed improvement, but the experimental group significantly demonstrated a better performance than controlled group.. This suggests that the online differentiated instruction strategy had a more substantial positive impact on student learning compared to the traditional method. Further analysis of the mean gain scores between the two groups revealed that the experimental group demonstrated larger improvement than the control group. This highlights the effectiveness of differentiated instruction, particularly when applied online, in enhancing students' academic performance in Filipino Language and Culture. While both groups showed progress after the instructional sessions, the experimental group, which was exposed to the modern, student-centered approach of differentiated instruction, exhibited greater gains compared to the traditional lecture-based approach. In conclusion, the findings from the pretest and posttest results, along with the mean gain scores, suggest that differentiated instruction is a highly effective teaching strategy for improving student learning in Communication and Research in Filipino Language and Culture. The study highlights the importance of employing differentiated instructional methods, particularly in the context of online learning during the "new normal," where diverse learning needs must be addressed. By tailoring instruction to meet the varying needs of students, whether online or through other modalities, differentiated instruction significantly enhances the learning experience and outcomes, offering a more effective way to support students' academic growth and success in an evolving educational landscape.

*Keywords: Differentiated Instruction, Communication, Language, Culture,*

## INTRODUCTION

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 131-139

Ang edukasyon ay itinuturing na isang mahalagang saligang pundasyon para sa bawat indibidwal sa makabagong panahon, at hindi lang iisa ang tao ang makikinabang o maapektuhan nito,malaking rin ang epekto nito sa lokal at maging sa global na aspeto. Isa ito sa mga pangunahing salik na humuhubog sa kalidad ng buhay ng mga mamamayan. Kaugnay nito, may malaking papel ang mga guro sa pagtamo ng layunin ng pamahalaan na makapagbigay ng mataas na kalidad na edukasyon. Responsibilidad ng mga guro ang tutukan ang pag-unlad ng pagkatuto ng kanilang mga estudyante sapagkat sa kanilang mga kamay nakasalalay ang pagpapalaganap ng kaalaman. Makikita ang tunay na tagumpay ng edukasyon kapag naibabahagi nila sa iba ang kanilang natutunan. Dahil dito, mahalaga na ang mga guro ay may kaalaman sa paggamit ng mga angkop na pamanaraan, estratehiya at teknik sa paglunsad ng kani-kanilang mga aralin sa kanilang mga mag-aaral. (Araneta, M. F. A., & Santiago, R. L., 2023) Ito ay naglalayong suriin at ipaliwanag ang epekto ng differentiated instruction sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa antas ng Senyur Hayskul. Tinutukoy ng pananaliksik na ito kung paano nakakatulong differentiated instruction sa tungo sa mas komorehensibong talakayan at pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga konsepto ng wika at kultura, pati na rin sa kanilang kasanayan sa pagsasaliksik, pagsusuri, at paggawa ng mga proyekto sa nasabing asignatura. Kabilang sa layunin ng pananaliksik ang pagtukoy sa mga hamon at benepisyo ng pag-aaplay ng differentiated instruction sa klase at kung nakakaapekto ba ito sa partisipasyon, motibasyon at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang mga sumusunod na tiyak na katanungan ang binigyang tugon sa pananaliksik na ito:

1. Ano ang antas ng akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa kontrolado at eksperimental na pangkat batay sa pauna at panghuling pagsusulit?

2.Ano ang mean gain score ng mga mag-aaral sa kontralado at eksperimental na pangkat batay sa pauna at panghuling pagsusulit?

3. Batay sa resulta ng pauna at panghuling pagsusulit, may makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral pagdating sa kontrolado at eksperimental na pangkat?

4.May makabuluhang pagkakaiba ba ang mean gain score ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong pangkat?

## METHODOLOGY

Eksperimental ang disenyo ng pananaliksik na ito, na kung saan gumagamit ng Pre-test at Post-Test upang masukat ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Senyor Hayskul at upang ihambing ang pagiging epektibo ng dalawang pamamaraan ng pagtuturo. Ito rin ang naging pangunahing instrumento ng pag-aaral. Ang dalawang grupong kasangkot sa pag-aaral na ito ay ang eksperimental at kontrolado. Isinagawa ang pag-aaral sa Leonard Young Sr. National High

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 131-139

School, Barangay Big Margus, Bayan ng Glan, Probinsiya ng Sarangani, kung saan dalawang seksyon sa Senyor Hayskul ang naging respondente na nagmula sa ikalabing-isang baitang. Mayroong 47 mag-aaral na ginamitan ng online lektyur-diskusyon at parehong bilang rin ng mga mag-aaral ang ginamitan ng onlin differentiated instruction. Para sa sampling technique, ginamit ang Complete Enumeration Sampling. Para naman sa istatistikal tritment, upang matukoy ang mga iskor ng mga mag-aaral sa pauna at panghuling pagsusulit sa dalawang grupo, ginamit ang mean at standard deviation. Sa pagtukoy ng makabuluhang pagkakaiba ng antas ng pagkatuto ng dalawang grupo ay ginamit ang standard deviation, z-test at z-tabulated, ganun din ang ginamit sa pagtukoy ng pagkakaiba ng mean gain score ng mga mag-aaral sa pauna't panghuling pagsusulit.

## RESULTS AND DISCUSSION

**Talahanayan 1. Antas ng Akademikong Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Kontrolado at Eksperimental na Pangkat Batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit.**

| | | **Paunang Pagsusulit** | | |
|---|---|---|---|---|
| **Grupo** | **N** | **Mean** | **sd** | **Deskripsyon** |
| Kontrolado | 47 | 20.98 | 4.95 | May pagkasiya-siya |
| Eksperimental | 47 | 20.94 | 5.49 | May pagkasiya-siya |
| | | **Panghuling Pagsusulit** | | |
| Kontrolado | 47 | 38.91 | 5.54 | Kasiya-siya |
| Eksperimental | 47 | 44.26 | 3.55 | Napakasiya-siya |

Sa talahanayan 1, makikita ang resulta ng pauna at panghuling pagsusulit ng grupong kontrolado at grupong eksperimental na may apatnapu't pitong (47) respondente. Mapapansin na nakakuha ng 20.98 na mean ang grupong kontrolado na may *standard deviation* na 4.95 at may deskripsiyong may pagkasiya-siya. Samantalang nakakuha naman ng 20.94 na mean na may *standard deviation* na 5.49 ang grupong eksperimental at may deskripsiyon na may pagkasiya-siya sa paunang pagsusulit.

Sa parehong talahanayan, makikita na nakakuha ng 38.91 na mean ang grupong kontrolado na may standard deviation na 5.54 at may deskripsiyon na kasiya-siya samantala, nakakuha naman ng 44.26 na mean na may standard deviation na 3.55 at may deskripsiyong Napakasiya-siya ang grupong eksperimental sa panghuling pagsusulit.

Makikita na tumaas ang iskor ng parehing pangkat sa panghuling pagsusulit. Ito ay nangngahulugan na may pag-unlad sa pagkatutong akademiko ng mga mag-aaral sa dalawang grupo bagamat magkaiba ang estratehiya ng pagtuturo ang ginamit.

Isinaad sa pag-aaral ni Gurdiel (2015) na mahalaga ang paggamit ng angkop na mga pamamaraan ng pagtuturo upang maging epektibo at mabilis ang pagkatuto ng sapagkat

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 131-139

nakasalalay dito ang tagumpay, kasiyahan at epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, kung akma ang Estilo ng pagtuturo sa kaniang kakayahan ay mas mabilis ang kaniang pagkatuto.

**Talahanayan 2.** ***Mean Gain Score*** **ng Kontroladong Pangkat Batay sa Pauna at Pangwakas na Pagsusulit.**

| ***Mean Gain Score*** **ng Kontroladong Pangkat** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagsusulit** | **n** | **Mean** | **sd** | **mean diff** | **sd** |
| Pauna | 47 | 20.98 | 4.95 | 17.93 | 7.57 |
| Panghuli | | 38.91 | 5.54 | | |

Makikita sa Talahanayan 2 ang mean gain score ng ng kontroladong grupo. Sa paunang pagsusulit,

| **Mean Gain Score ng Eksperimental na Pangkat** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagsusulit** | **N** | **mean** | **Sd** | **mean diff** | **Sd** |
| Pauna | 47 | 20.94 | 5.49 | 23.32 | 6.21 |
| Panghuli | | 44.26 | 3.55 | | |

ang mag-aaral na may bilang na 47 ay nakakuha ng mean gain score na 20.98, may standard deviation na 4.95. Habang sa panghuling pagsusulit naman na may parehong bilang ng mag-aaral ay may mean gain score na 38.91, may standard deviation na 5.54. MAkikita na mayroong mean difference na 17.93 at standard deviation na 7.57.

Ang pagtaas ng iskor ng kontroladong grupo ay nagpapakita na nagkaroon ng pagkatuto sa pamamagitan ng tradisyonal na pamamaraan ng lektura-diskusyon. Bagamat itinuturing itong isang tradisyonal na paraan ng pagtuturo, patuloy pa rin itong ginagamit hanggang ngayon dahil may mga mag-aaral na mas epektibong natututo kapag isinasaayos ang diskusyon ng guro. Inilahad sap ag-aaral ni Baker (2017) na mahalaga ang paggamit ng wastong estratehiya sa paglalahad ng aralin nang sa gayon ay mas mabilis at mas epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Kapag ang pagkatuto ay nakatuon sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral mas mauunawaan nila ang mga aralin.

**Talahanayan 3. Mean Gain Score ng Eksperimental na Pangkat Batay sa Pauna at Pangwakas na Pagsusulit.**

Matutunghayan sa talahanayan 3 ang mean gain score ng eskpiremental na grupo. Mayroong 47 na bilang ng mag-aaral ang kumuha ng paunang pagsusulit. Ito ay nagkaroon ng mean gain score na 20.94, may standard deviation na 5.94. Samantalang sa panghuling pagsusulit ay mayroon ding parehong bilang ng mag-aaral ang kumuha ng pagsusulit. Ito ay nagtamo ng 44.26 na mean gain score, 3.55 na standard deviation. Ito ay may mean difference na 23.32, may

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 131-139

standard deviation na 6.21. Kung mapapansin, higit na dalawang beses ang pagtaas ng mean gain score ng nasabing grupo sa panghuling pagsusulit kumpara sa paunang pagsusulit

Nangangahulugan lamang ito na mayroong mataas na antas ng pagkatutuo ang grupong eksperimental na kung saan ginamitan ng online differentiated instruction na paraan. Masasabing, nakatutulong ang paggamit ng DI sa pagtugon sa mga akademikong pangangailangan at kasanayan ng bawat mag-aaral.

Ang tamang paggamit ng DI ay naangkop upang matukoy ang kahandaan at pakikipagtulungan ng guro at mga mag-aaral sa pagtuturo at pagkatuto. Nagiging tulong rin ito sa mga mag-aaral upang sila ay mas maging self-directed, malikhain at mas mahusay sa paghanap ng kaalaman batay sa prinsipyo at konsepto. Malaki ang magiging tulong ng DI sa paglinang ng potensyal at kakayahan ng mag-aaral. Ayon kay Balog(2022), ang DI ay magiging daan upang mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral at mapabuti ang pag-unawa nila sa aralin.

**Talahanayan 4. Antas ng Akademikong Pagkatuto sa Kontrolado at Eksperimental na Pangkat Batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit.**

| Grupo | N | mean | sd | z-value | z-critical | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | **Paunang Pagsusulit** | | | |
| **Kontrolado** | 47 | 20.98 | 4.95 | 0.04 | 1.96 | **Walang makabuluhang pagkakaiba** |
| **Eksperimental** | 47 | 20.94 | 5.49 | | | |
| | | | **Panghuling Pagsusulit** | | | |
| **Kontrolado** | 47 | 38.91 | 5.54 | 5.57 | 1.96 | **May makabuluhang pagkakaiba** |
| **Eksperimental** | 47 | 44.26 | 3.55 | | | |

*a=0.05 level of significance*

Sa talahanayan 4, matutunghayan ang resulta ng paunang pagsusulit kung saan ang grupong kontrolado ay nakakuha ng mean na 20.98 at may standard deviation na 4.95. Samantala, ang grupong eksperimental ay nakakuha ng mean na 20.94 at may standard deviation na 5.49. Makikita na ang resulta ng paunang pagsusulit ay may computed value na 0.04, mas mababa ito sa critical value na 1.96.

Nangangahulugan lamang ito na walang makabuluhang pagkakaiba ang iskor ng grupong kontrolado at grupong eksperimental sa paunang pagsusulit. Ibig sabihin, bago pa nagsimua ang interbensyon ay pareho ang kanilang kakayahan at kaalaman.

Samantala, ipinapakita sa parehong talahanayan ang resulta ng panghuling pagsusulit, kung saan ang grupong kontrolado ay nagkaroon ng mean na 38.91 at standard deviation na 5.54, habang ang grupong eksperimental naman ay nagkaroon ng mean na 44.26 at standard deviation na 3.55. Makikita sa resulta ng panghuling pagsusulit na ang computed value ay 5.57, na mas mataas kaysa sa critical value na 1.96.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 131-139

Ito ay nagpapahiwatig lamang na ang resulta ng panghuling pagsusulit sa dalawang grupo ay mayroong makabuluhang pagkakaiba. Ibig sabihin, may mabuting epekto ang paggamit ng ibang estratehiya sa pagtuturo tulad ng differentiated instruction sa lubos na pagkatuto ng mga-aaral.

Kabilang sa pangunahing aspeto ng epektibong pagtuturo ay ang mga teknik na ginagamit ng guro, na dapat bigyang pansin. Ang mga aspetong ito ay mahalagang isaalang-alang sa pagpili ng angkop na teknik para sa mga mag-aaral. Kung mabibigyan ng sapat na atensyon ang mga salik na ito, magiging mas madali at magaan ang proseso ng pagkatuto, at maaari ring magsilbing batayan upang mapabuti ang pagiging epektibo ng teknik na ginagamit ng guro (Gurdiel, 2015).

**Talahanayan 5. Pagkakaiba ng *Mean Gain Score* ng mga Mag-aaral sa Grupong Kontrolado at Eksperimental.**

| Grupo | N | mean gain score | sd | z-value | z-critical | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kontrolado | 47 | 17.93 | 7.57 | 3.77 | 1.96 | **May makabuluhang pagkakaiba** |
| Eksperimental | 47 | 23.32 | 6.21 | | | |

*a=0.05 level of significance*

Sa Talahanayan 5, ipinapakita ang pagkakaiba ng mean gain score ng mga mag-aaral sa kontroladong grupo, na may mean difference na 17.93 at standard deviation na 7.57, at sa eksperimental na grupo, na may mean difference na 23.32 at standard deviation na 6.21. Ang computed value ay 3.77. Makikita na ang computed value na 3.77 ay mas mataas kaysa sa critical value na 1.959.

Ito ay nangangahulugan na ang mean gain score ng dalawang grupo ay may makabuluhang pagkakaiba. Ito ay hindi naganap sa random na pagkakataon bagkus ito ay dulot ng isang tunay na epekto o interbensyon na nakaapekto sa mga resulta ng isinagawang pagsusulit.

Mapapansin na mas mataas ang mean difference ng grupong ekspiremental kumpara sa grupong kontrolado. Nangangahulugan ito na nagkaroon ng positibong epekto sa akademikong pagkatuto ng grupong eksperimental ang paggamit ng differentiated instruction.

Ang kahalagahan ng paggamit ng DI ay para rin sa pagtaguyod ng isang inklusiong kapaligiran sa pagkatuto, kung saan mararamdaman ng mga mag-aaral na sila ay pinapahalagahan at may suporta. Mapapansin ng mga  gurong gumagamit ng DI na may mataas ng antas ng pakikilahok at mas may motibasyon ang  mga mag-aaral sa klase. Buko dito, napatunayan na ang DI ay nakatutulong sa pagpapalaganap ngpagkakapantay-pantay sa kabila ng pagkakaiba -iba ng paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. (Bangayan-Manera, 2019)

## CONCLUSION

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 131-139

Batay sa mga natuklasan, ang mananaliksik ay nakabuo ng sumusunod na mga konklusyon:

Ang parehong pangkat na kasangkot sa pag-aaral ay nagtamo ng mababang antas ng pagkatuto batay sa paunang pagsusulit. Patunay na kaunti pa lamang ang nalalaman ng mga mag-aaral hinggil sa mga aralin bago maganap ang pagtuturo.

Mababakas naman ang pag-unlad sa akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral sa parehong pangkat pagkatapos ng ginawang pagtuturo batay sa resulta ng panghuling pagsusulit. Isa itong implikasyon na ang magkaibang interbensyong ginamit sa bawat pangkat ay parehong nakatulong sa pag-unlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral subalit mas mataas ang iniangat ng pangkat na ginamitan *online differentiated instruction* kumpara sa pangkat na ginamitan ng *online* lektyur-diskusyon.

Sa kabuoan, ang pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pauna at panghuling pagsusulit at sa *mean gain score* ng kontrolado at eksperimental na pangkat ay nangangahulugang mabisa ang paggamit ng *differentiated instruction* sa pagtuturong *online* ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa panahon ng bagong normal.

## REFERENCES

Acalares, S. T., Ocliaman, J., Maglangit, J. M., & Ledesma, F. G. R. (2023). *The self-esteem and academic performance in purposive communication class at the tertiary level*. *ResearchGate*. https://www.researchgate.net/publication/371317583_The_Self-Esteem_and_Academic_Performance_in_Purposive_Communication_Class_at_the_Tertiary_Level

Abana, A (2021). A Scrutiny of K-12 Strands and the Learning Program Vis-à-vis its Academic Performance. Psychology and Education Journal. 58 (2): 7977-7984.

Alonzo E. & Galiza C. ( 2021). Writing prowess of first year BAT students: A groundwork for language  magnification program. The Asian EFL. 28(13),pp 39-49.

Araneta, M. F. A., & Santiago, R. L. (2023). *Estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag kaugnayan sa akademikong pagganap*. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research*, 8(3), 45-60. https://eprajournals.com/IJMR/article/15122

Ayuningtyas, L. P. S., Suwastini, N. K. A., & Dantes, G. R. (2023). Differentiated instruction in online learning: Its benefits and challenges in EFL contexts. *Jurnal Pendidikan Teknologi dan Kejuruan*, *20*(1), 80-94.

Antonio, A. (2021). Syntactical Scrutiny: Inaccuracies in the Lesson Planning of Non- Language Pre Service Teachers.

Baker, J. D. (2017). *Effective Teaching Strategies for Online Learning: A Guide for Instructors*. Wiley.

Balog, P., & Gonzales, E.  (2021). From Linguistic Landscapes to Teaching Resources: A Case of Some Rural Areas in the Province of Quezon. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *1*(2), 23–44.

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *3*(July Special Issue), 189–204. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163.

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Bangayan-Manera, A, Vecaldo, R. & Saquing J. (2020). Cultural  Structuring of Urok Practices: An Intercultural Communication of Bago Tribe in Kalinga, Philippines. International Journal of Psychosocial Rehabilitation.24 (6), 13193-13217

Bangayan-Manera, A. (2019). Doodle: Towards A Hermeneutical Appreciation in Jacques Derrida's Deconstruction. The Asian EFL Journal. 24 (4.2), 291-204.

Bangayan-Manera, A. (2019). Textual Analysis of School Graffiti. The Asian EFL Journal. 21 (2.3), 273-285.

Eijansantos, A. M., Alieto, E. O., Emmanuel, M. S., Pasoc, M. G. O., & Bangayan-Manera, A. (2021). Interspeaker variation in the negated perfective aspect of Zamboanga Chavacano. *Linguistics and Culture Review*, *5*(S3), 287-309. https://doi.org/10.21744/lingcure.v5nS3.1528

Gurdiel, A. (2015). Mga salik tungo sa epektibong pamamaraan ng pagtuturo sa mga estudyanteng nag-aaral ng batsilyer ng edukasyong pangsekondarya sa Cavite State University S.Y. 2015-2016. Retrieved October 2015.

Mangindra, A., & Sandoval, M. A. (2021). Maguindanaon-Taw sa Laya epics Balatamay Lumëna, Diwata Kasaripan and Raha Samadaya: A reflection of their addat. International Journal of Research Studies in Education, 10(4), 101-110.

Mangindra, A. P. (2025). Preserving the legacy: A thematic analysis of heirloom narratives from the Bangsamoro-Maguindanaon. International Journal of Research Studies in Education, 14(2), 17-26.

Saquing, J. B. (2018). Intercultural Communicative Competence of Bachelor of Science in Secondary Education ( BSED) Major in English Students: A Basis for Proposed Integration of Internationalization in the BSED Major in English Curriculum. The Asian EFL Journal, 20 (12.4),8-29.

Rodriguez, M. T., & Carreon, S. L. (2020). Teacher Training on Differentiated Instruction and Its Effect on Student Achievement in Philippine Public Schools. *Asian Journal of Education and Social Sciences*, 18(4), 88-101